# Mananampalatayang malakas ay higit na mainam at kaibig-ibig kay Allah kaysa mananampalatayang mahina at sa lahat ng kabutihan,Magsumikap ka sa mga bagay na makakapag-pakinabang sa iyo,at Humiling ka ng tulong kay Allah at huwag kang mawalan ng pag-asa

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya.sa Hadith na Marfu-Ang Mananampalatayang malakas ay higit na mainam at kaibig-ibig kay Allah kaysa mananampalatayang mahina at sa lahat ng kabutihan,Magsumikap ka sa mga bagay na makakapag-pakinabang sa iyo,at Humiling ka ng tulong kay Allah at huwag kang mawalan ng pag-asa,at kapag dumating sa iyo ang pagsubok,Huwag mong sabihing;Kung ginawa ko lamang ito,di sana ay magiging ganito at ganito,Ngunit sabhin mong ;Ito ay itinakda ni Allah,at ang anumang ibigin Niya ay magaganap,Sapagkat ang [salitang] Kung;ay nagbubukas sa mga gawain ni Satanas.
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang mananampalatayang malakas sa pagkatakot niya;at hindi ibig sabihin na malakas ang katawan niya;Higit na mainam kaysa mananampalatayang mahina;at kaibig-ibig kay Allah kaysa mananampalatayang mahina.At ang mananampalatayang malakas at mahina;kapag nagkapantay sa takot kay Allah,Tunay na sa malakas ang pakinabang niya ay umaabot sa iba,Ngunit ang mahina ,ang pakinabang niya ay limitado sa kanyang sarili.Kung-kaya ang malakas ay higit na mainam kaysa mahina,at sa lahat ng kabutihan;Upang hindi isipin ng isa sa mga tao na ang Mananampalatayang mahina ay walang nagagawang kabutihan,Datapuwat ang Mananampalatayang mahina ay may kabutihan,at walang pagdududa na siya ay higit na mainam kaysa Hindi mananampalataya,Pagkatapos ay nangaral ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ang Ummah niya ng pangangaral sa pangkalahatan na Pagbabawal,Ipinag-utos niya sa kanila ang pagsusumikap sa pagkamit at paggawa ng mga bagay na may pakinabang sa kanila, maging ito may sa Relihiyon o sa Mundo,At kapag nagkasalungat ang Pakinabang sa Relihiyon at pakinabang sa Mundo,Uunahin ang pakinabang sa Relihiyon,dahil kapag naging mabuti ang Relihiyon magiging mabuti rin ang Mundo,Ngunit ang Mundo,kapag ito ay nanging mabuti at nasira ang Relihiyon,Tunay na ito ay masisira.At ang magpakukop kay Allah kahit sa mga maliit na bagay,at huwag silang kumiling tungo sa katamaran at kawalan ng kakayahan.Pagkatapos ay ipinag-utos niya sa kanila pagkatapos magsumikap at gawin ang makakaya nila,at magpakupkop kay Allah at magpapatuloy sa paggawa,Na kapag lumabas ang pangyayari na

salungat sa kanilang ninanais,na huwag nilang sabihing:Kung ginawa lang natin,ito ay magiging ganito;Dahil ang mga bagay na ito ay hindi abot ng kanilang kakayahan,Kaya ang tao ay gagawa sa kung ano ang ipinag-utos sa kanya,At ang Kalooban ni Allah ang siyang laging nangyayari,At ang salitang Kung,ay bumubukas sa mga tukso,kalungkutan,pagsisisi,at pagbabagabag.Ngunit nararapat sa tao na sabihin niya ang naisalaysay: At ang kahulugan nito ay:Ito ay itinakda ni Allah at kapalaran,mula sa kanya-at ang anumang ibigin ni Allah-Kamahal-mahalan siya at kapaita-pitagan ay gagawin niya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5493

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee